

**NOTISYA NG ELECTRONIC NOTIFICATION [ELECTRONIC NA PABATID]**

|                              |                  |
|------------------------------|------------------|
| PANGALAN NG KASO             | NUMERO NG KASO   |
| PANGALAN NG TAUHAN NG COUNTY | NUMERO NG TAUHAN |

**Kinukumpirma nitong notisya ang inyong desisyon na tumanggap ng mga sulat sa pamamagitan ng electronic notification. Kung ayaw ninyo ng mga notisyang electronic, mangyaring tumawag kaagad sa inyong County Welfare Department (CWD) sa \_\_\_\_\_.**

Bilang bahagi ng kasunduan na tumanggap ng mga electronic notification, sumang-ayon kayo:

- Na tumanggap ng mga sulat mula sa CWD sa pamamagitan ng electronic notification. Ang mga sambahayan lamang na pumirma ng Kasunduan Para sa Electronic Notification [Electronic Na Pabatid] ang tatanggap ng mga alerto para tingnan ang mga sulat sa kanilang secure personal online account.
- Na basahin ang lahat ng mga electronic notification na ipadadala sa inyong email account at na tingnan ang mga dokumento sa pamamagitan ng inyong secure personal online account.
- Na tingnan nang regular ang inyong email account (tuwing tatlong araw man lamang ang rekomendasyon namin) para makatiyak na mababasa ninyo sa tamang panahon ang mga sulat na may impormasyong kailangang-kailangan sa loob ng takdang panahon lamang.
- Na palaging ipaalam sa CWD kung mag-iba ang inyong email address sa pamamagitan ng pagsagot sa panibagong Kasunduan Para sa Electronic Notification sa loob ng sampung araw mula sa pag-iba.
- Na ang mga notisyang ipinadala sa inyong personal secure online account ay ituturing na natanggap na ninyo sa oras na matanggap ng inyong email ang e-notification, kahit na hindi ninyo basahin ang mga ito.
- Na kailangang bigyan kayo ng CWD ng kopyang nakalimbag sa papel ng anumang dokumentong ipinadala sa inyong secure personal online account, kapag humiling kayo.
- Na ibabalik ng CWD ang pagpapadala ng tradisyonal na sulat sa papel kapag ang mga electronic notification ay hindi makarating sa email address na ibinigay ninyo.
- Na maaari ninyong ihinto ang pagtanggap ng mga electronic notification sa anumang oras. Para gawin ito, kailangan kayong tumawag lamang sa CWD at sabihin sa kanila ang tungkol sa desisyon ninyong bumalik sa mga sulat sa papel.